フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo sa Kaunlaran ng Bayan

No. 163

Ika-31 ng Mayo 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan
Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## Protektahan Natin ang mga Bata Laban sa mga Kahina-hinalang Tao!!



Isang taon na ang nakalipas mula nang maganap ang insidente ng pag-atake sa mga batang naghihintay ng kanilang iskul bus sa Lungsod ng Kawasaki.

「Ang mga insidente ng pagpain sa mga bata ng mga kahinahinalang tao ay marahil bumaba sa taong 2019 kumpara sa taong 2018. Subalit ito ay matuturing na mataas na bilang pa rin.

Pinagmulan: Website ng Kapulisan

| ○ Bilang ng insidente ng pagpain sa mga bata ng mga kahinahinalang tao sa loob ng Lalawigan ng Shizuoka | 2015 | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 |
|---|---|---|---|---|---|
| | 1,511 | 1,481 | 1,459 | 1,723 | 1,542 |

| | Akto | Balangkas | Tudlaan ang bata (Batang 18 taong gulang at pababa) |
|---|---|---|---|
| Insidenteng kinasangkutan ng mga kahinahinalang tao noong 2019 ayon sa uri ng insidente | Pagpain | Kinakausap, iniimbita | 484 |
| | Kabastusan | Pagpapakita ng pribadong parte ng katawan, molestiya | 259 |
| | Sinusundan | Sinasabayan o sinusundan sa paglalakad | 289 |
| | Pagkuha ng litrato | Pagkuha ng litrato nang walang pahintulot | 241 |
| | Pagdukot | Pagtangkang pagdukot | 0 |
| | Asalto | Pagtatangka, pambubugbog, paghagis-hagis ng bagay | 75 |
| | Iba pa | Iba pang uri ng kahinahinalang tao | 194 |

Maraming insidente ng **「pagpain」** 「sinusundan」 「kabastusan」 「pagkuha ng litrato」 ang nagaganap.

### ○ Mag-ingat sa ganitong pagpain! (Inilista ayon sa dami ng insidente na naganap)

| | |
|---|---|
| **Pag-imbita** | 「Bibigyan kita ng kendi」「Halika sakay ka sa kotse ko」 |
| **Pribadong impormasyon** | 「Anong grado mo sa eskwelahan?」「Saan ka nakatira?」 |
| **Pagpain** | Bumabati at sinasabi 「Ang ganda mo」 |
| **Malaswang pagkilos** | Nagsasabi ng malaswang bagay |
| **Sumisigaw** | Galit at sumisigaw |
| **Pagbibigay ng dereksyon** | 「Saan ang istasyon ng tren?」「Pakisamahan ako papunta sa OO」 |
| **Hindi malinaw ang detalye** | Hindi masyadong marinig, hindi maintindihan ang sinasabi |

Maraming insidente!

### ○Sa aling sitwasyon madaling maganap?

Datos ng 2019 na tumuturing sa mga bata (18 taong gulang at pababa na bata)

- ✧ Pinakamaraming biktima ang mga estudyante sa elementarya
- ✧ Mga 80% ng mga nabibiktima ay batang babae
- ✧ Karamihan sa insidente ay nagaganap tuwing naglalakad papunta/pauwi mula sa eskwelahan tuwing araw na may pasok
- ✧ Kadalasan sa pambibiktima ay nagaganap sa pag-uwi mula sa eskwelahan bandang 3pm～6pm
- ✧ 70% sa kabuuang insidente ay nangyayari kapag mag-isa ang bata
- ✧ 80% ng kabuuang insidente ay nangyayari sa kalsada



Lubos na mag-ingat tayo kapag 「naglalakad pauwi na mag-isa」 !!



# Lumikha ng DVD ng「*Abutore!*」

Ang 「Abutore!」ay isang pagpapaikli ng 「*abunai training* o pagsasanay kung ano ang gagawin sa mga mapanganib na sitwasyon」!



Ang mga mamamayan sa lokal na lugar ay pinoprotektahan ang mga bata at tinuturuan ang mga bata ng mga dapat gawin para mapangalagaan nila ang kanila sarili. Ang pagsasagawa nitong 2 hakbang na magkasabay ay maituturing na epektibong paraan para mapigilan ang mga krimen.

Ang lalawigan ay nagpatupad ng mga pagsasanay ng *"Abutore!"* sa mga eskwelahang pang-elementarya kung saan natututunan ng mga bata ang mga hakbang para hindi mabiktima ng krimen at kung sakaling malagay sa panganib, pinaparanas sa mga bata ang iba't ibang paraan na maaari nilang gawin para protektahan ang sarili.

## ○Lagay ng Pagsasagawa ng Kurso ng「Abutore!」

| Taon | 2013 | 2014 | 2015 | 2016 | 2017 | 2018 | 2019 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng Eskwelahan | 4 | 17 | 90 | 80 | 74 | 118 | 185 |
| Bilang ng Sumali sa Kurso | 774 | 2,727 | 15,366 | 11,820 | 11,822 | 23,242 | 35,514 |

Ang mga mahahalagang punto na nilalaman ng kurso ay ipinahayag sa maiksing paraan sa ginawang DVD bilang tulong sa pagtuturo ng 「Abutore!」 at pagbabalik-aral!!




## Bentahe

- Istraktura ng pagtuturo kung saan gagabayan ang mga bata habang pinapanood ang bidyo na sanayin ang sarili, makakuha ng kaalaman at kamulatan para protektahan ang sarili laban sa krimen.
- Maaaring gamitin ang isa sa 3 bersyon na「Bersyon para sa mga nasa mababang baitang」,「Bersyon para sa Junior Haiskul」, at「Bersyon para sa Haiskul」 ayon sa sitwasyon na paggagamitan.
- Maaaring piliin ang yugto ng mahalagang sitwasyon.
- Ang bidyo ay hindi lamang para sa panonood kundi maaari ding gamitin sa pagtuturo sa pamamagitin ng pagpaparanas ng mga stiwasyon.

## Aksidente sa Daan sa Shizuoka

Hanggang ika-27 ng Mayo

Kumpara noong nakaraang taon sa parehong panahon, ang bilang ng aksidente sa daan sa Shizuoka ay bumaba ng mga 20%. Ngunit ang bilang ng mga namatay sa aksidente ay 47 katao o tumaas ng higit 20%, <u>lalo na ang kaso ng mga matatanda na naaksidente habang naglalakad</u> **<u>at maging ang kaso ng nauwi sa pagkasawi ay tumaas.</u>**

**Mag-ingat!**

## Panloloko sa Pag-aplay ng Ayuda

Bilang tugon sa COVID-19, nagsimula na sa buong bansa ang pagproseso ng aplikasyon na makatanggap ng ¥100,000 na ayuda. Ang kapulisian ay nanawagan na mag-ingat sa posibilidad na pagtaas ng kaso ng bukod tanging panloloko.

<u>May mga taong tatawag na magpapanggap na taga-munisipyo diumano at sasabihin na「May mali sa iyong aplikasyon para sa ayuda」,「Alam mo ba kung paano kumpletuhin ang aplikasyon?」at iba pang sitwasyon.</u>

**Mag-ingat!**